United States Environmental Protection Agency

## Pagtatamo ng Proteksyong Pangkalusugan at Para sa Kapaligiran sa pamamagitan

# Patakaran sa Makabuluhang Pagiging Bahagi ng EPA

**Oktubre 2023**

## Mga Nilalaman

**Kabuuang Buod sa Pamamahala ... 2**

**Seksyon 1: Patakaran para sa Makabuluhang Pagiging Bahagi ... 4**

# Kabuuang Buod sa Pamamahala

Ang Meaningful Involvement Policy(“ang Patakaran”) ng EPA ay nagbibigay ng gabay para sa Environmental Protection Agency (EPA) na mga team sa makabuluhang pagiging bahagi ng publiko sa mga desisyon sa regulasyon at tungkol sa programa. Ito ay nagsasagawa ng mga update sa 2003 Public Involvement Policy ng EPA. Ang layunin ng bagong Patakaran ay para maitaguyod ang malawakang pamamaraan ng EPA sa makabuluhang pagiging bahagi na maaaring mapasadya para sa mga pangangailangan ng programa at ng rehiyon at maibalangkas ang mga pamamalakad na mapipiling gamitin ng staff ng EPA habang nililikha nila ang mga bahagi ng public outreach ayon sa mga desisyon ng EPA at mainam na maisaalang-alang ang input ng publiko. Ang patakaran na ito ay itinatatag batay sa natatag na pananagutan ng EPA sa makabuluhang pagiging bahagi nito at batay sa pagkikilala na ang mga kilos ng EPA ay galing sa mga indibiduwal na tunay na nagkaroon ng karanasan at may kadalubasaan at mga proseso na isinasama ang iba’t ibang mga boses na resulta ng napatibay na desisyon upang maprotektahan ang kalusugan at kapaligiran. Dahil dito, layunin ng Patakaran na:

- Mapahusay ang paraan ng pagtatanggap, kahusayan, kadaliang umangkop,at sustainabiity ng mga desisyon ng Agency.
- Muling patotohanan ang pananagutan ng EPA sa maaga at madalas na pagiging bahagi, kadaliang magamit, at makabuluhang pakikiisa ng publiko.
- Tiyakin na ang EPA ay makakapagsagawa ng mga desisyon na may pag-uunawa sa mga interes at ikinababahala ng mga naapektuhang tao at mga entity.
- Itaguyod ang paggamit ng maraming iba’t ibang mga pamamaraan para makalikha ng maaga at, kung kailan naaangkop, patuloy na oportunidad para maging bahagi ang publiko sa mga desisyon ng Agency.
- Makapagtatag ng malinaw at mabisang gabay sa pagsasagawa ng mga aktibidad para sa makabuluhang pagiging bahagi.

Maaaring gamitin ng staff ng EPA ang Patakaran para makapagplano ng mga masasalihang aktibidad bilang parte ng mga pagkilos ng EPA, kung kailan maaari at napapaloob sa mga limitasyon sa budget, kasama na ang mga namungkahi at panghuling mga tuntunin, at pagpapahintult, at pati na rin ang pagde-develop ng patakaran o mahalagang mga dokumentong pang-gabay, paglikha ng mga nagbibigay estratehiyang dokumento at may estratehiyang plano, at pag-develop ng mga inisyatibo ng EPA o mga programa (kasama na ang mga programa para sa pinansiyal na tulong). Ang nasa sentro ng Patakaran ay ang Public Participation Model (“ang Modelo”) ng EPA, na gumagabay sa staff sa loob ng ilang mga interactive na stage para sa mabisang paglalahok ng publiko sa mga kilos ng EPA:

1. Plan: Kilalanin ang Pagkilos ng EPA, Pumili ng Antas ng Paglalahok, at Siguraduhin ang Mga Pagkukuhanan ng Impormasyon at Tulong
2. Kilalanin ang Publiko at Mga Parte ng Publiko
3. Ikonsidera ang Pagbibigay ng Technical o Financial na Tulong sa Publiko
4. Magbigay ng Impormasyon at Outreach
5. Magbigay ng mga Oportunidad para Makonsulta ang Publiko at Mga Aktibidad para Makasali
6. Balik-aralan at Gumamit ng Input at Magbigay ng Feedback sa Publiko
7. Tasahin at I-ulat ang Mga Aktibidad para sa Pagsali ng Publiko

Sa mga programa o aktibidad na kung saan handa nang lumahok ang publiko, ang mga EPA Team ay maaaring pumili kung alin ang gagamitin na mga estratehiya na nakalista sa Modelo para sa lubos pang magkaroon ng makabuluhang pagiging bahagi, ayon sa naaangkop sa saklaw, sakop, at schedule ng aktibidad. Ang Modelo ay maaaring rin magbigay suporta at pagdagdag sa mga kasalukuyang estratehia sa pamamagitan ng paghahandog ng mga namungkahing pamamalakad na maaaring maipatupad at gamitin sa mga tiyak na gamit. Ang binagong Patakaran ay naghahandog ng iba't ibang mga pamamaraan, kasama na ang distribusyon ng paglalahok ng publiko, na ipinatupad mula sa International Association of Public Participation na distribusyon ng paglahok ng publiko, na makakatulong na gabayan ang mga EPA team sa pagpili ng (mga) naaangkop na antas ng paglalahok.

Dagdag pa dito, isinasamang Patakaran ang pinakamahusay na mga pamamalakad at leksyon na naobserbahan ng EPA mula pa noong 1981 at 2003 na Mga Patakaran, kasama na ang pinahusay na mga pamamaraan sa pagsasali na pinapahintulutan ang mas malawak na accessibility at transparency ng mga programa ng EPA; ang konsiderasyon at paggamit ng data at impormasyon na nakolekta sa pamamagitan ng participatory science at Indigenouse Knowledge sa pagdedesisyon; ang kahalagahan ng paggamit Alternative Dispute Resolution na proseso kung kinakailangan, kasama na ang pamamagitan, pag-aareglo, at neutral facilitation; at ang pangangailangang maipakita ang kakayahan batay sa kultura at kababang loob kapag isinali ang publiko.

Inaalinsunod sa patakaran na ito at pinapapatatag batay sa pananagutanng EPA sa makabuluhang pagiging bahagi ng publiko sa kasaysayan nito, tulad nang binigyang diin sa pinakahuling 2022–2026 Strategic Plan and Equity Action Plan. Isinasama nito ang mga rekumendasyon na galing sa mga komento ng publiko sa mga nakaraang bersyon ng Public Involvement Policy ng EPA at natanggap mula sa mga kapartner at panlabas na tagapayo sa EPA at iba pang mga proseso sa pagdedesisyon ng EPA at mga sesyon ng pakikinig. Ang Patakaran ay makakatulong sa staff ng EPA na mapatatag at mapatibay ang kapasidad at mga kakayahang kinakailangan para matiyak ang mga miymebro ng publiko ay naaabot at naririnig sa mga kilos na interesado sila o naapektuhan. Bilang panghuli, ang seksyon para sa evaluation ng Patakaran at ang bagong na-develop na kriterya para masukat ang tagumpay ay magagamit ng mga EPA Team para makatulong sa mas makabuluhang pagiging bahagi.

# Seksyon 1: Patakaran para sa Makabuluhang Pagiging Bahagi

# Background

Nagpalabas ang U.S. Environmental Protection Agency (EPA) ng 1981 Public Participation Policy upang mapalakas ang pananagutan ng EPA para sa paglalahok ng publiko. Noong taong 2023, na-update ng EPA ang Public Involvement Policy upang makapagbigay ng gabay sa mabisa at makatuwirang mga pamamaran na masasali ang publiko sa mga kilos ng EPA. Ang naisapanahong patakaran na ito, ang Achieving Health and Environmental Protection Through EPA's Meaningful Involvement Policy, ay nagtatag ng isang pamamaraan na kinsasangkutan ng buong EPA para sa makabuluhang pagiging bahagi na maaaring maipasadya ayon sa mga programa at rehiyon habang may mga proseso sa pagdedesisyon.[1]

## Madlang Pinatutunguhan ng Patakaran

Ang pangunahing audience para sa patakarang ito ay lahat ng nasa EPA na nagkakaloob ng mga oportunidad para sa makabuluhang pagiging bahagi sa mga kilos ng EPA (tulad nang ipinaliwanag sa mga seksyon ng Pangunahing Mga Konsepto), na maaaring kabilang ang mga staff, manager, mga kasamahan, mga intern, mga naitalaga, serbisyo ng senior executive, mga contractor, at mga senior environmental enrollee. Ang patakaran na ito ay gumagamit sa terminong "EPA Team" upang tukuyin ang grupo ng mga tao na nagtatrabaho sa isang kilos ng EPA. Maaari rin gamitin ng mga EPA Team ang patakaran na ito para makapagbigay impormasyon sa mga pahayag sa pagganap sa trabaho na nakalaan para sa mga contractor, mga grantee, o iba pang mga grupo na may ganitong uri ng trabaho sa ngalan ng EPA. Ang lahat ng mga indibiduwal sa EPA ay inaasahan na magkaroon ng kamalayan mismo sa patakaran at makatulong na matiyak ang makabuluhang pagiging bahagi tulad nang naaangkop ayon sa mga kilos ng EPA.

# Makabuluhang Pagkakasama

Ang mahalagang pahayag sa patakarang ito ay may responsibilidad na ang bawat EPA Team na magbigay ng makabuluhabg mga oportunidad upang maging bahagi o magka-ugnayan ang lahat sa mga programa at aktibidad ng EPA, iyong mga nakaka-apekto sa kalusugan at kapaligiran ng mga tao. Batay sa kasaysayan, ang mga oportunidad sa pagsali ng publiko ay di parating nagtagumpay na maabot ang lahat ng mga interesadong bahagi ng publiko, ni hindi sila parating nakapagbigay ng access para ma-impluwensyahan ang pagdedesisyon ng EPA o para matiyak ang pananagutan. Sa mga tugon sa mga ikinababahalang ito na natiyak ng mga miyembro ng publiko at iba pang mga ahensya ng gobyerno, binibigyang diin ng EPA ang katawagang "makabuluhang pagkakasama" upang matukoy kung paano maaaring isama sa proseso ng pagsali ng publiko at paano maaaring magamit sa mas nakararaming kumakatawang publiko - kasama na ang mulitlingual, multi-cultural, rural, at urban na mga populasyon na may magkakaibang kakayahan, edad, at mga katayuan ng dokumento - lahat ay ipinapahayag sa

[1] Ang patakaran ay sumasangguni sa mga nasa batas at mga tadhana ng regulasyon na naglalaman ng mga requirement na hinihiling sa isang kasunduan, pero ang patakaran ay hindi matuturing na isang legal na kontrata. Hindi ito lumilikha, nagpapalawak, o nagbibigay limitasyon sa anumang mga legal na karapatan, mga obligasyon, mga responsibilidad, o benepisyo ng o sa kahit na sinuman, at hindi mapapatupad laban sa EPA o sa sinumang ibang tao.

simpleng pananalita. Ang mga EPA Team ay magkakaloob ng mga oportunidad para sa makabuluhang pagkakasama na inihahanda ang publiko nang may kaalaman na magagamit nila sa pagiging bahagi sa mga kilos ng EPA.

Ayon sa kasaysayang ito, marami pang ginagamit na mga katawagan ang EPA at ang iba pang mga pederal na ahensya upang mailarawan ang proseso ng pagsali ng publiko, tulad ng “pakikisama ng komunidad,” “makabuluhang pagkakasama,” at “pagiging bahagi ng komunidad.” Halimbawa, ang Superfund Progra ng EPA ay kinaabalahan sa komunidad, ang Resource Conservation and Recovery Act at ang Office of International and Tribal Affairs ay sinasalihan ng publiko, at ang Office of Enforcement and Compliance Assurance ay may pakikisama ng komunidad. Bilang resulta, maraming iba’t ibang mga tuntunin ang ginagamit para matukoy ang proseso ng pagsasali sa publiko kapag magdedesisyon. Ang mahalaga ay gamitin ang tamang termino kapag nakikipag-ugnayan sa publiko, na maaaring depende sa mga naaangkop na batas, regulasyon, at patakaran, kung mayroon man, at sa partikular na konteksto. Sa pangkalahatan, ang patakaran na ito ay nagpapahayag sa inaasahan na nagkakaloob ng mga oportunidad ang mga EPA Team para makapagsagawa ng outreach, maging bahagi sa mga pagkokonsulta, makasali ang publiko, makipagtulungan, at maihanda ang publiko nang may kaalaman na magagamit nila upang masabi ang kanilang mga ikinababahala at maimpluwensyahan ang mga desisyon ng EPA.

Ang Makabuluhang Pagkakasama ay ginagamit upang mailarawan ang pananagutan ng EPA sa proseso ng pakikilahok ng publiko[2] na hangad at pinapadali ang input na galing sa publiko sa mga kilos ng EPA sa pamamagitan ng “pagbibigay ng nasa oras at angkop sa kulturang impormasyon, access sa mga taong may kapansanan, at access sa wika para sa mga taong limitado ang kahusayan sa wikang Ingles, ikinokonsidera ang mga isyu sa pag-access na buhat sa lokasyon, transportasyon, at iba pang mga factor na nakaka-apekto sa paglalahok, at sa pamamagitan ng pagbibigay ng available na teknikal na tulong para mapatatag ang kakayahan ng komunidad sa paglalahok.”[3] Kinikilala ng EPA na ang limitadong pagsali ng komunidad ay maaaring humahati sa madlang pinatutunguhan at maaaring maka-apekto sa pagtatanggi sa access sa proseso ng pagdedesisyon ng EPA. Samakatuwid, ang pagtutugon, kung kailan posible, sa iba pang mga balakid sa paglalahok na maaaring nakakaharap ng mga indibiduwal ay nagbibigay-daan sa mas lumalawak na impormasyon at naaangkop na mga pagkilos ng EPA.

**Pagtatatag sa Tiwala sa Pamamagitan ng Makabuluhang Pagkakasama**

Habang may pampublikong pagpupulong, ibinahagi ng EPA ang mga plano para mabigyang pondo ang isang proyekto para sa solar panel sa isang komunidad na may mga ikinababahala sa environmental justice. Ipinakita sa isang follow-up na tanong na kailangang nagmamay-ari ng gma bahay ang mga tao upang makinabang sa proyekto, di kasama ang mga nangungupahan at nagresulta sa dagdag na mga tanong kung ang mga sonal panel ay maaaring ikabit sa halip sa mga espasyong nakalaan sa komunidad. Ang mga tanong na ito ay hindi

[2] Gabay sa Paglalahok ng Pubilko ng EPA.

[3] White House Environmental Justice Advisory Council (WHEJAC), Final Recommendations: Justice40, Climate and Economic Justice Screening Tool, and Executive Order 12898 Revisions. Mayo 2021.

Ang makabuluhang pagkakasama ay tungkol sa pagsali sa lahat sa pagdedesisyon, at ang proseso mismo ay makakapagtatag ng mga ugnayan sa pagitan ng mga EPA Team at publiko na hahantong sa pakikinabang sa isa't isa at mga oportunidad na matuto mula sa isa't isa. Ang palitan na ito ay maaaring gawing mas mabisa at malinaw ang trabaho ng EPA, at maaaring magpalakas sa suporta ng publiko. Samakatuwid, para magabayan ang pamamaraan ng EPA para sa makabuluhang pagkakasama, ang patakarang ito ay bumabalangkas sa mga sumusunod na prinsipyo:[4]

- **Integridad.** Maging malinaw sa saklaw at layunin ng mga oportunidad upang maging bahagi ang publiko.
- **Pagsasali sa Lahat.** Maging accessible at isama ang iba't ibang mga grupo upang mas malawak ang masaklaw na mga value at pananaw.
- **Talakayan.** Makinig sa mga ikinababahala at priyoridad ng komunidad, magpakita ang pagpapakumbaba at magtaguyod ng bukas at tunay na talakayan na sinusuportahan ng nasasapanahon at wastong impormasyon upang makilala at mapag-isipan ang mga opsyon at makapag-develop ng nagkakaisang pag-uunawa.
- **Impluwensya at pananagutan.** Gamitin ang input ng publiko sa pagdedesisyon. Dapat makita ng publiko at maunawaan nila ang epekto ng kanilang oras at pagsisikap.

Dagdag pa dito, muling pinatotohanan ng patakarang ito ang kahalagahan ng pagpapatibay sa mga kakayahan ng mga EPA Team sa pagkakaloob ng mga oportunidad para sa makabuluhang pagkakasama upang:

- Magamit ang mga prinsipyo sa integridad, pagsali sa lahat, talakayan, impluwensya, at pananagutan para makapagbigay ng gabay sa makabuluhang pagiging bahagi.
- Gamitin o ikonsidera ang data at impormasyon na nakolekta sa pamamagitan ng participatory science at Indigenous Knowledge[5] sa pagdedesisyon.
- Gamitin ang proseso para sa taunang budget ng EPA at gamitin ang mga mapagkukuhanan ng impormasyon at tulong upang maplano ang mga proseso para sa makabuluhang pagkakasama, gawing madaling ma-access ang proseso, at patatagin ang kakayahan ng publiko na makasali.
- Makapagbigay ng nasa oras na mga sagot sa nakuhang input ng pubiko, sa madaling pananalita,[6] at accessible sa mga wika na ginagamit ng publiko.
- Tugunan ang mga nakuhang input ng publiko gamit ang mga naaangkop na mga regulasyon, mga executive order, at mga patakaran na napapaloob sa limitasyon ayon sa awtoridad na gawad ng batas, at gamitin ang mga kagamitan at dulugan ng EPA para matiyak ang mga alternatibong

---

[4] Federal Infrastructure Task Force's Community Engagement Strategy for tribal integrated waste management programs.

[5] Kung naaangkop sa kilos, mag-develop ng Indigenous Knowledge na plano na kumikilala kung paano makakahangad ang EPA ng input mula sa mga Tribal Nation at mga Indigenous na Tao upang malaman kung paano makakapagbigay ng impormasyon ang Indigenous Knowledge sa isang kilos ng EPA. Ang "Indigenous Knowledge" ay nangangahulugan na mga grupo ng obserbasyon, binigkas at nakasulat na kaalaman, mga innovation, pamamalakad, at paniniwala na na-develop ng Mga Tribe at Indigenous People sa pamamagitan ng direktang pakikipag-ugnayan at karanasan sa kapaligiran mismo, tulad nang nailarawan sa White House Office of Science and Technology Policy's Guidance for Federal Departments and Agencies. Habang ang terminong "Indigenous Knowledge" ay ginagamit dito, may iba't ibang mga termino, kasama na ang Traditional Ecological Knowledge, Traditional Knowledge, Indigenous Traditional Knowledge, Native Science, at mga nauugna dito na katawagan, ang ginagamit at mas pinipili ng iba't ibang mga Tribe at Indigenous People.

[6] Basahin ang website ng U.S. General Services Administration.

pamamaraan at pakikipag-ugnayan sa science na ginamit para makuwenta ang panganib upang matugunan ang mga ikinababahala ng publiko.

- Gamitin ang komunikasyon sa panganib bilang isang palitang paaraan sa pagbibigay sa publiko ng impormasyon na kailangan nila para magkaroon ng kaalaman, mga independiyenteng pagpapasya sa mgapanganib sa kaligtasan at kalusugan upang mabigyan ang EPA ng naaangkop na impormasyon na matasa ang panganib.
- Gumamit ng Alternative Dispute Resolution (ADR) o Alternatibong Proseso sa Pag-aareglo ng Di Pagkakasunduan kung kinakailangan, kasama na ang tagapamagitan, pagsasaayos, at neutral facilitation (walang kinikilingan na mamamagitan).
- Ipakita ang kakayahan batay sa kultura at pagkamababang loob kapag nakikipag-ugnayan sa publiko.
- Magpakita ng malinaw na impormasyon, pagiging totoo, at kusang matuto kapag nakikipag-ugnayan sa publiko.

# Mga Pangunahing Konsepto

Ang patakaran na ito ay naitatag ayon sa mga konsepto na naisadetalye sa ibaba at sinanggunian sa kabuuan ng dokumentong ito.

## Makabuluhang Pagkakasama

Ang makabuluhang pagkakasama ay[7] nangangahulugan na:

- Ang mga tao ay may oportunidad na sumali sa mga desisyon tungkol sa mga aktibidad na maaaring maka-apekto sa kanilang kapaligiran at/o kalusugan.
- Ang kontribusyon ng publiko ay maaaring maka-impluwensya sa desisyon ng regulatory agency.
- Ang mga ikinababahala ng komunidad ay isasaalang-alang sa proseso ng pagdedesisyon.
- Ang mga nagdedesisyon ay maghahanap ng mga nais maging bahagi at papadaliin ang pagsali noog mga posibleng maapektuhan.

## Mga Team ng EPA

Ang grupo ng mga tao sa EPA na nagkakaloob ng mga oportunidad para sa makabuluhang pagiging bahagi sa mga kilos ng EPA, na maaaring kabilang ang mga staff, manager, mga kasamahan, mga intern, mga naitalaga, serbisyo ng senior executive, mga contractor, at mga senior environmental enrollee.

[7] Basahin ang pagpapaliwanag ng EPA dito. Para sa mga layunin ng dokumentong ito, ang “makabuluhang pagiging bahagi” at “makabuluhang pagkakasama” ay ginagamit bilang mga terminong may magkatulad na kahulugan at higit pang inilalarawan sa Executive Order 14096.

## Mga Kilos ng EPA

Para sa layunin ng patakarang ito, ang "mga kilos ng EPA" ay tumutukoy sa mga susing aktibidad na isinasagawa ng EPA para matamo ang misyon nito. Ang mga kilos ng EPA ay kinabibilangan ng namungkahi at panghuling mga tuntunin at permiso, patakaran o mahalagang mga dokumentong pang-gabay, mga may estratehiyang dokumento at mga plano ng estratehiya, at pag-develop ng mga inisyatibo ng EPA o mga programa (kasama na ang mga programa para sa pinansiyal na tulong). Ang ilang mga tinikay na kilos ng EPA ay ang mga requirement para paglalahok ng publiko mula sa mga kautusan at mga ipinapatupad na regulasyon (basahin ang "Pagpapatupad ng Patakaran" sa ibaba). Para sa mga kilos na ito, may kinakailangang minimum na antas ng pagsali. Ang Patakaran ay hindi nagdadagdag ng anumang mga requirement sa mga kilos ng EPA, pero magagamit ito ng staff ng EPA para suportahan ang kasalukuyan at mga bagong aktibidad sa paglalahok kapag naiaangkop at napapaloob sa mga limitasyon ng budget.

## Publiko

Ang katawagan na "ang publiko" ay ginagamit sa pinamalawak na saklaw, na nangangahulugang ang pangkalahatang madla ng Estados Unidos. Maraming mga bahagi ng "ang publiko" ay may partikular na interes o maaaring naaapektuhan ng mga programa ng EPA at ng mga desisyon nito. Para sa mga EPA Team na kasali sa mga kilos na mas batay ayon sa tiyak na lugar o nakaka-apekto sa isang partikular na rehiyon o entity, ang Public Participation Model ay nagbibigay ng impormasyon kung paano "kilalanin ang mga parte ng publiko" upang makapili ng mas limitadong pagkakahulugan ng "publiko" na kasama ang mga indibiduwal o entity na interesado o naaapektuhan ng desisyon.

**Dagdag pa sa mga pribadong indibiduwal, "ang publiko" ay kinabibilangan, pero hindi limitado sa:**

- Ang mga kinatawan ng consumer, environmental, at iba pang mga advocacy group.
- Mga grupo sa environmental justics.
- Mga indigenous na tao.
- Mga marginalized na grupo at indibiduwal batay sa kasaysayan.
- Mga business at industrial na interes, kasama na ang maliliit na negosyo.
- Nahalal at natalagang mga pampublikong opisyal.
- Trade, news, industrial, agricultural, at mga labor organization.
- Pampublikong kalusugan, scientific, at professional na mga kinatawan at society.
- Civic at pang-komunidad na mga association.
- Mga organisasyon na batay sa pananampalataya.
- Research, university, education, at mga government na organisasyon at association.
- Mga government agency, kasama na ang pederal, pang-estado, municipal, at lokal na mga agency.

# Pag-apply sa Patakaran

Ang ilang mga kautusan at mga ipinapatupad na regulasyon ay kinabibilangan ng mga requirement mula sa publiko para sa mga tiyak na aktibidad ng EPA, tulad noong mga natagpuan sa ilalim ng 40 Code of

Federal Regulations (CFR) Part 25, Public Participation in Programs Under the Resource Conservation and Recovery Act, the Safe Drinking Water Act, at ngClean Water Act; 40 CFR 6 Subpart B, EPA's National Environmental Policy Act Environmental Review Procedures, at 40 CFR 300 Subpart E, Hazardous Substance Response*, ang Federal Advisory Committee Act (FACA; 5 United States Code [U.S.C.] 10); ang Paperwork Reduction Act (PRA; 44 U.S.C. Section 3501 et seq.); at ang Government in Sunshine Act (Sunshine Act; 42 U.S.C. 2996(g)).* **Gayunman, ang mga requirement para sa paglalahok ng publiko sa mga regulasyong ito ay tumutukoy sa minimum na level ng paglalahok.** Ang mga EPA Team ay dapat magsikap upang makapagkaloob ng mga oportunidad para sa makabuluhang pagiging bahagi na humihigit pa sa minimum na mga requirement ayon sa regulasyon. Ang EPA ay naglathala ng legal tools upang mapasulong ang environmental justice para makatulong sa mga nagdedesisyon na maunawaan ang kanilang mga awtoridad na dapat ikonsidera at matugunan ang environmental justice at pagkakapantay-pantay sa pagdedesisyon at mataguyod ang makabuluhang pagkakasama.

Sa konteksto ng pagpapatupad ng mga environmental law, hindi nagbubunyad ang EPA ng impormasyon na maaaring makahadlang sa patuloy na imbestigasyon, pakikipag-areglo, o paglilitis. Ang Agency ay hindi rin magpapalabas ng personally identifiable information (PII), kompidensyal na impormasyon tungkol sa negosyo, o materyal na may pribilehiyo (mga galing o gawa ng abogado, kliyente ng abogado, isinaayos ayon sa deliberasyon). Ang di wastong pagpapalabas ng sensitibong impormasyon sa pagpapatupad ay maaaring maka-apekto sa resulta ng litigasyon, maisapanganib ang mga pakikipagnegosasyon para makatamo ng areglo, at mailagay sa kompromiso ang pagpoprotekta sa kalusguan at kapaligiran ng mga tao. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang memorandum ng EPA Restrictions on Communicating with Outside Parties Regarding Enforcement Actions. Bukod pa sa mga limitasyong ito, nangangako ang EPA na magbigay ng mga oportunidad para sa makabuluhang pagiging bahagi sa mga kaso ng pagpapatupad, kasama na ang pagkuha ng impormasyon sa kalusugan at mga problema sa kapaligiran na dulot ng mga paglalabag sa mga batas pederal sa kapaligiran.

Ang Federal Advisory Committees ay nagbibigay ng inidependiyenteng payo sa EPA. Ang mga indibiduwal ay itinatalaga sa committee para lumahok sa paglilikha ng consensus at pagbibigay ng input at mga rekumendasyon. Maaaring manood ang publiko sa mga paglilitis ng Federal Advisory Committee proceedings, dumalo sa mga meeting, at magsumite ng mga komento sa isang committee, na makikinabang mula sa isang bukas at patuloy na palitan ng impormasyon. Ang mga indibiduwal na sumasali sa mga federal advisory committee ng EPA ay madalas mga eksperto sa kani-kanilang mga larangan (hal. environmental, sociological, at technological sciences), na kumakatawan sa isang kinakailangang pananaw, o dili kaya'y may mahalagang kaalaman at karanasan. Sinuman mula sa mga may-ari ng negosyo hanggang sa mga opisyal sa pampublikong kalusugan hanggang sa mga ecologist ay maaaring mga eksperto sa pinag-uusapang paksa sa kani-kanilang mga isyu, at higit sa 400 ng nasabing mga miyembro ay kasalukuyang kasali sa mga Federal Advisory Committee ng EPA. Kung hangad ng EPA ng payo o rekumendasyon mula sa grupo na kinabibilangan ng isa o higit pang mga indibiduwal na hindi mga federal government employees, dapat matiyak ng EPA kung magagamit ang FACA, 5 U.S.C. §§ 1001–1014. Kung gayon, maaaring kailangang pormal na isadokumento ang grupo bilang isang Federal Advisory Committee at dapat na sumunod sa mga requirement ng FACA.[8]

[8]Ang mga requirement ng FACA ay kinabibilangan noong mga natagpuan sa batas at sa General Services Administration na mga regulasyon na nagpapatupad sa FACA sa 41 CFR Parts 101-6 at 102-3.

# Pamamaraan para sa Makabuluhang Pagiging Bahagi (Meaningful Involvement Approach) ng EPA

Ang makabuluhang pagiging bahagi ay isang proseso na ginamti para makapagbiday ng impormasyon kapag magdedesisyon, mapahusay ang mga kilos ng EPA, at matatag o muling maitatag ang tiwala sa publiko upang matamo ang proteksyon sa kalusugan at kapaligiran. Ang proseso na ito ay nangangailangan ng oras at mga dulugan, hindi ito madali at nasa ayos, at madalas na paulit-ulit. Dagdag pa dito, ang bawat kilos ng EPA at sagot ng publiko ay magkaiba, kaya't dapat gamitin ng mga EPA Team ang kanilang kaalaman sa proseso ng isang kilos at ang kanilang pagpapasya para makapagplano at makapagbigay ng naaangkop na mga oportunidad para sa makabuluhang pagiging bahagi depende sa saklaw at mga posibleng epekto ng kilos ng EPA.  Samakatuwid, ang pamamaraan ng makabuluhang pagiging bahagi ay mayroong tatlong hakbang para magamit ng mga EPA Team sa pagkakaloob ng mga oportunidad sa makabuluhang pagiging bahagi sa mga nauugnay na kilos: pagkikilala sa mga desisyon ng isang kilos ng EPA, paggamit ng Public Participation Spectrum ng EPA para makatugma ang naangkop na antas ng palalahok at mapatupad ito, at ang paggamit ng mga naaangkop na tool at pamamalakad mula sa Public Participation Model ng EPA.

## Hakbang 1: Pagkilala sa Mga Desisyon sa isang Kilos ng EPA na Maaaring Maimpluwensyahan ng Pampublikong Input

Ang unang hakbang para sa mga EPA Team ay ibalangkas ang target na kilos at ang mga proseso na napapaloob dito. Kabilang dito ang pagkikilala sa mga oportunidad sa pagdedesisyon, pagkikilala sa mga pangunahing oportunidad sa pagdedesisyon, pagkilala kapag nakapagdesisyon na, at pagpapaliwanag sa saklaw sa ilalim ng batas at iba pang legal na mga requirement. Ang hakbang na ito ay makakatulong sa mga EPA Team upang magamit ang susunod na hakbang para makatugma ang uri at saklaw ng isang desisyon sa naaangkop na antas ng paglalahok ng publiko.

## Hakbang 2: Paggamit sa Public Participation Spectrum ng EPA[9]

Ang ikalawang hakbag para sa mga EPA Team ay ginagamit para sa Public Participation Spectrum (basahin ang Talaan 1.1) ng EPA. Ang spectrum na ito ay naglalarawan sa limang level ng paglalahok ng publiko para makatulong sa mga EPA Team sa pagtatatag at pagsasabi ng kanilang malinaw na mga inaasahan kung paano nila binabalak na magkaloob ng mga oportunidad para sa makabuluhang pagiging bahagi. Ang mga level ng paglalahok ay maaaring mahalaga kapag ang mga oportunidad ay nakakatulong sa publiko na makapagbigay ng impormasyon patungo sa isang desisyon, ay sinasabi sa

[9] Ang spectrum ay namodelo ayon sa International Association for Public Participation at sa Conflict Prevention and Resolution Center na mga spectrum.

simpleng lengguwahe, at accessible sa publiko. Sa ilang mga kaso, walang oportunidad para maka-impluwensya ang publiko sa pagdedesisyon, na kung saan magagamit ng mga EPA Team ang impormasyon at outreach level upang mabigay sa publiko ang impormasyong kailangan nila para maunawaan ang proseso sa pagdedesisyon ng ETA.

Para makilala ang naaangkop na level ng pampublikong paglalahok sa isang proyekto, ang mga EPA Team ay dapat mag-umpisa sa pamamagitan ng mga sumusunod na tanong: Gaano kalakas ang posibleng impluwensya sa desisyon o pagkilos ang maaari mong ibigay sa publiko? Ang mga konsiderasyon ay dapat kinabibilangan ng mga posibleng limitasyon na napapaloob sa kautusan o mga requirement ayon sa regulasyon o mga limitasyon sa mapagkukuhanan ng impormasyon at tulong tulad ng budget, kakayahan ng staff, oras, at mga kasabay na priyoridad.[10] Para makatulong sa mga EPA Team na matiyak ang naaangkop na pamamalakad sa pagkuha ng input ng publiko, heto ang ilang mga tanong na nakasaad sa Gabay sa Paglalahok ng Pubilko ng EPA:

- Mayroon bang tiyak na input mula sa publiko na hangad at layon na ikonsidera ng mga EPA Team?
- Hangad ba ng EPA Team na isali ang publiko sa umpisa at sa kabuuan ng proseso?
- Ang EPA Team ay may layunin ba na ipagkaisa ang iba't ibang mga grupo ng publiko para magtulungan?
- May layunin ba ang EPA Team na isali ang publiko sa pagdedesisyon sa lahat o sa isang parte lang ng desisyon?

Makalipas na balik-aralan ang mga tanong na ito, tingnan ang spectrum, kilalanin kung ano ang antas ng paglalahok ang pinakaangkop, at tiyakin na ang mga komunikasyon ay katugma ng ipinangako sa publiko. Tandaan na ang mga antas ng paglalahok sa Public Participation Spectrum (Table 1.1 sa ibaba) ay di nilalayon bilang nasa ayos na mga hakbang at walang inaasahan na sumulong ang isang proyekto na may paglalahok ng publiko mula sa isang level patungo sa susunod.

---

[10] Gabay sa Paglalahok ng Pubilko ng EPA: Pagpili ng Wastong Antas ng Paglalahok ng Publiko.

**Talaan 1.1. Ang Public Participation Spectrum ng EPA.**

| Pakay | Magbigay Impormasyon/ Pakikipag-ugnayan | Magkonsulta/ Palitan ng Impormasyon | Maging Kabilang/ Mga rekumendasyon | Makipagtulungan/ Mga Kasunduan | Magbigay lakas |
|---|---|---|---|---|---|
| **Layunin** | Magbigay ng impormasyon sa mga external na kapartner at malinaw na sabihin na hindi ito isang oportunidad para sumali. | Magbigay at makipagpalitan ng data, mga opinyon, at opsyon sa isa o dalawang pagkakataon. | Makakuha ng payo o mga komento sa isang mas matagal na takdang panahon. | Magkaroon ng kasunduan, areglo, o desisyon na isinagawa nang magkasama. | Bigyang lakas ang publiko para kumilos. |
| **Pangako sa Publiko** | "Parati namin kayong bibigyan ng balita." | "Makikinig kami, tinatanggap ang mga ikinababahala, at magbibigay ng feedback sa iyong input sa naaangkop na panahon." | "Isasaalang-alang namin ang iyong mga payo o komento kapag nagdesisyon at sasabihin namin sa iyo kung paano naka-impluwensya sa aming desisyon ang iyong payo o mga komento." | "Kami ay magtutulungan nang may mabuting hangarin para magkaroon ng pag-uunawa na lahat tayo ay maaaring makapagbigay ng suporta at ipatupad ang gawain tulad nang napagkasunduan." | "Susuportahan ka namin sa iyong desisyon at tutulungan ka sa iyong pagpapatupad." |

| Pakay | Magbigay Impormasyon/ Pakikipag-ugnayan | Magkonsulta/ Palitan ng Impormasyon | Maging Kabilang/ Mga rekumendasyon | Makipagtulungan/ Mga Kasunduan | Magbigay lakas |
|---|---|---|---|---|---|
| **Mga halimbawa**[11] | • Mga website<br>• Fact sheets<br>• Mga Ipinalabas na Balita<br>• *noticesFederal Register*<br>• Mga Abiso sa Publiko<br>• Infographics | • Mga Meeting sa bawat indibiduwal<br>• Opisyal na meeting sa publiko o pagdinig<br>• Mga Workshop<br>• Pampublikong information session o mga meeting sa komunidad<br>• Mga session para makinig<br>• Mga hotline sa telepono<br>• Abiso sa regulasyn ay panahon ng pagbibigay ng komento | • Community Advisory Groups (CAG)<br>• Mga talakayan tungkol sa patakaran<br>• Small Business Advocacy Review (SBAR) panels<br>• Mga paghiling ng komento mula sa publiko | • Superfund Jobs Training Initiative (SuperJTI); o SuperJTI Fact Sheet<br>• Mga kasunduan para magkaroon ng access<br>• Mga institutional control<br>• Mga kasunduan sa napag-aregluhan<br>• Napagkasunduang pagtatakda ng tuntunin<br>• Consensus Permit<br>• Pahayag ng mga prinsipyo<br>• Federal Advisory Committees | • Mga voluntary program<br>• Good Samaritan Initiative<br>• Redevelopment plans<br>• Environmental Workforce Develop-ment at Job Training grants<br>• Community Action for Renewed Environment<br>• Sustainability Forum<br>• Participatory science |

Ang spectrum o distribusyon na ito ay ipinatupad alinsunod sa International Association for Public Participation at EPA's Conflict Prevention and Resolution Center at naglalarawan sa limang antas ng paglalahok ng publiko para makatulong sa mga EPA Team. Maaaring gamitin ng mga EPA Team ang spectrum na ito

**Kaunting Pagkakasama** → **Malaking Pagkakasama**

naaangkop na (mga) antas ng paglalahok. Ang mga EPA Team ay maaaring gumamit ng iba't ibang antas sa kabuuan ng proyekto sa anumang kaayusan, habang sinisiguro ang malinaw na pagsasabi kung at paano makakasali ang publiko.

[11] Ang mga halimbawang ito ay nagpapaliwanag at hindi isang detalyadong listahan.

## Hakbang 3: Paggamit sa Public Participation Model ng EPA

Makalipas na matiyak ang antas ng paglalahok ng publiko, magagamit ng mga EPA Team ang Public Participation Modelo para maunawaan ang mga uri ng tool at pamamalakad na makakatulong matugunan ang pangako sa publiko. Ang inuulit na modelong ito para makatulong matamo ang proteksyon sa kalusugan at kapaligiran ay may kasamang pitong yugto na nagbibigay ng espasyo sa mga EPA Team na masimulan o makasali sa mga proseso sa iba't ibang mga yugto (hal., maaaring pasimulan ng mga EPA Team ang isang proseso mula sa simula o sumali sa isang kasalukuyan nang nagaganap na kilos), at magpalipat-lipat sa mga yugto sa sandaling mayroon nang available na impormasyon (hal., ang mga EPA Team ay maaaring ayusin ang budget makalipas makapili ng dagdag na mga paraan ng pagpapatupad).[12] **The tools and approaches in this section will vary and should be adjusted to best fit the circumstances of each project or activity and the level of participation.** Ang mga yugto ay hindi sapilitang kailangang gawin at hindi lahat hinihiling na gamitin. Ang mga detalye sa Public Transportation Model ay matatagpuan sa susunod na seksyo.

Sa pagpili na gamitin ang meaningful involvement approach ng EPA, ang mga EPA team ay maaaring magsikap upang gawing mas may batayang impormasyon at naaangkop ang mga kilos ng EPA, nagpapakita sa mga interes ng publiko at mga value na namumuno sa mas mabuting pamamahala, at mapatibay ang kalusugan at proteksyon sa kapaligiran sa pagkalahatan. Ang mga programa ng ETA at mga rehion ay maaaring gumamit ng mga sumusunod na seksyon ng dokumentong ito para mahanap ang pinakamainam na mga pamamalaad, mga tool, mga mapagkukuhanan ng tulong at impormasyon, mga background na materya na sumusuporta sa paggamit ng patakarang ito.

[12] Kung ang modelong ito ay hindi angkop sa mga nakilalang pangangailangan, kasama sa Apendiks 1 ang EPA's Environmental Justice Collaborative Problem-Solving Model at EPA's Community Action for a Renewed Environment Roadmap para sa mga alternatibong paraan para makapag-ayos at kumilos.